

Para sa: Mga Pari, mga Lider ng Konseho ng Parokya, mga Relihiyoso/sa at  
Mga Miyembro ng iba't-ibang Kristiyanong Komunidad

## WANTED: INYONG MGA IDEYA PARA SA SIMPLENG PAMUMUHAY



+Ang Kapayapaan ng Panginoon ay sumainyo!

*“Sa paggapas mo ng ani sa iyong lupain, huwag mong gagapasin hanggang sa pinakadulo ng iyong bukirin o simutin pa ang pinaggapasan. Huwag mong sisimutin ang naiwang bunga sa iyong ubasan ni pupulutin ang mga nalaglag na ubas; pabayaan mo na ang mga iyon sa mga dukha at sa mga dayuhan. Ako ang iyong Panginoong Diyos.” (Levitico 19:9-10)*

Ito ang pangalawang sulat na inilabas galing sa Komite ng Pagpapalaganap ng Simpleng Pamumuhay at Pangangalaga sa Kalikasan ng Diyosesis ng Saitama, na mas kilala sa pangalang, SIMPLE LIFE DESK. Sa nalalapit na Spring, alam natin na ang lahat ay abala sa paghahanda sa Kuwaresma at Pagkabuhay. Mula noong ipinahayag ng Obispo ang bagong Vision Statement para sa Diyosesis ng Saitama sa nakaraang taon, nakakaseguro kami na pinag-usapan ninyo ang bagong pastoral na mga alituntunin at pangunahing mga isyu at mga prayoridad sa inyong mga pagpupulong. Nais naming imungkahi na muli ninyong isaalang-alang ang isyu sa “simpleng pamumuhay” (espirituwal na karukhaan) bilang tema para sa pagninilay ng inyong komunidad sa panahon ng Kuwaresma sa taon 2013.

Inaanayahan namin kayo sa taong ito na ipadala ang inyong mga mungkahi para sa, “Kampanya para sa Inyong mga Ideya ukol sa Simpleng Pamumuhay: Magtipid ng 5%”. Ang mga mungkahi na ipadala ninyo sa amin ay ibabahagi sa karamihan upang maikonsiderar ng iba ang inyong mungkahi sa paghahanap ng sarili nilang pamamaraan sa pagsasabuhay ng simpleng pamumuhay. Naniniwala kami na sa pamamagitan nitong “Kampanya para Magtipid ng 5%”, mapanibago natin ang ating pamamaraan sa Kristiyanong pamumuhay.

Bilang pagtatapos, nais kong ulitin ang mensahe para sa Bagong Taon ni Obispo Tani (2011):

*“Sa isip ko ay makapagbuo tayo ng mas maraming oras na magpabinga sa pamamagitan ng ating paraan sa pamumuhay. Habang nagbibigay ako ng mungkahi sa aking sarili, nais ko rin magbigay ng mungkahi sa inyo! Magbawas tayo ng basura ng 5% at palaguin ang pagpapabinga ng 5%. Hindi ito masyadong mabirap gawin: balimbawa, bawasan ang gawaing babay upang mas maraming oras makinig sa ating mga anak. Ipagpalagay natin na ang gawaing babay ay walong oras, bawasan ng 5% ay maging 24 minuto. Subukan din natin bawasan ang overtime sa trabaho ng 5% para may free time. Ito ay dalawang oras bawat linggo at maari nating gamitin ang dalawang oras na iyon sa ating sarili at pamilya. Maari din nating gawing simple ang ating pagkain ng 5% o bawasan ang paggamit ng elektrisidad, tubig at gasolina ng 5%. Sa abot ng ating makakaya at sa ating mga ideya, makakamit natin ang mithiin na makapagbawas ng gastusin at basura ng 5%. Ang layunin para makamit ang 5% ay makapagpagaan sa ating pasamin at mapalago ang buhay. Ano sa tingin ninyo?*

*Samakatuwid, maisabuhay natin ang espiritu ng karukhaan sa pamamagitan ng pagtitipid ng 5% sa lahat na ginagawa sa pang-araw-araw na buhay. Sa pagbabawas ng 5% sa trabaho ay magbibigay sa atin ng mas maraming pabinga upang makamitan muli ang ating tunay at oribinal na pagkatao. Mararamdaman natin na ginawa tayo ayon sa larawan ng Diyos. Ang pagbabagong ito ang magbibigay laya sa atin ang kagalakang makapiling ang Diyos. Bukod dito, mas kaaya-ayang ang pagbabagong ito ang mag-udyok sa atin na tanggapin sa ating komunidad ang mga nalulungkot at isinantabi, mga kabataan na na-bully, bilang ating mga kapatid.*

Sana ipamahagi ninyo ang mensaheng ito sa mga miyembro ng komunidad sa inyong mga parokya. Maraming salamat sa inyong pag-unawa at kooperasyon!

Nananalangin,

Fr. Claver D'SOUZA

SIMPLE LIFE DESK (Promotion of Simple Living & Environmental Concerns)

Pastoral Center of the Catholic Saitama Diocese